Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 2, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN KAY:communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, susulong sa isang makabagong landas gamit ang kauna-unahang panrehiyong plano ng aksyon sa klima ng Bay Area

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang Bay Area Regional Climate Action Plan, na isang mapangahas na inisyatiba upang agresibong malabanan ang pagbabago ng klima at ma-transition ang Bay Area sa isang kinabukasang walang carbon.

Ang pagsisikap na ito sa pagpaplano ng rehiyon ay nagsasama at nagpapalawak sa gawain ng Estado ng California at mga lokal na munisipalidad nang hindi inuulit ang ibang inisyatiba, pinupunan ang mga pangunahing kakulangan, at nagbibigay-daan sa matagumpay na pagpapatupad sa mga umiiral na pagsisikap sa mga paraang mahusay at patas.

“Sa panahong ang malinis na hangin at mga proteksyon sa klima ay nahaharap sa lumalaking kawalan ng katiyakan sa antas pederal, ang pamumuno sa rehiyon ay mas mahalaga kaysa dati,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipinapakita ng Panrehiyong Plano ng Aksyon sa Klima na ito ang patuloy na pangako ng Bay Area na mamuno nang may agham, pagkakapantay-pantay, at pagmamadali upang mapabilis ang pag-unlad tungo sa isang mas magandang klima at mas matatag na komunidad.”

Binabalangkas ng plano ang mga estratehiyang naaaksyunan at makabuluhan upang mabawasan ang polusyon sa klima, mapabuti ang kalidad ng hangin sa rehiyon at lokal, lumikha ng mga trabaho at mapasigla ang paglago ng ekonomiya, at mapabuti ang kalusugan at kalidad ng buhay sa Bay Area. Nagtatakda ito ng mga landas sa pagbabawas ng greenhouse gas sa mga pangunahing sektor ng ekonomiya kabilang ang transportasyon, mga gusali, enerhiya, basura at mga likas at lupang pinagtatrabahuhan upang suportahan ang layunin ng Estado na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas nang 40 porsyentong mas mababa sa antas noong 1990 pagsapit ng 2030.

Ang matapang na lokal na aksyon ay magiging mahalaga upang matugunan ang layuning ito habang naghahatid ng mga aktwal na benepisyo para sa mga residente ng Bay Area, lalo na sa mga komunidad na nasa unahan ng labanan na may di-katimbang na epekto mula sa polusyon sa hangin at pagbabago ng klima.

Ang pakikipag-ugnayan ng komunidad at mga stakeholder ay naging pangunahing bahagi ng proseso ng pagpaplano na may matibay na input mula sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga lokal na pamahalaan, mga teknikal na stakeholder, at publiko upang matiyak na ang plano ay sumasalamin sa mga lokal na prayoridad at pangangailangan.

Ang matagumpay na implementasyon ay mangangailangan ng koordinadong pamumuno sa mga pamahalaan, organisasyon ng komunidad, negosyo, at residente, at patuloy na pagpapanagot, transparency, pagpapaunlad ng mga manggagawa, at pagpopondo upang pantay na makapaghatid ng mas malinis na hangin, mas malusog na mga komunidad, at isang matatag at neutral sa carbon na ekonomiya ng rehiyon.

Para mabasa ang plano ng aksyon para sa klima, bisitahin ang bit.ly/3MmoGUw.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na may responsibilidad na protektahan ang kalidad ng hangin at ang pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram at YouTube.

# # #

Opisina ng Komunikasyon ng Distrito ng Hangin
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases